DOCUMENT

# Gawad Plaridel Lecture 2023

Manuel Salazar Urbano Jr.

On 11 October 2023, the Gawad Plaridel, the highest award given by the University of the Philippines (UP) to outstanding media practitioners, was conferred by UP President Angelo A. Jimenez in the presence of UP Diliman Chancellor Edgardo Carlo L. Vistan II, LLM, UP College of Mass Communication (CMC) Dean Fernando dlC. Paragas, PhD., and Professor Emeritus Nicanor Tiongson, PhD. on **Mr. Manuel "Jun" Urbano Jr.**

The UP Gawad Plaridel 2023 was awarded to Mr. Urbano for his unwavering dedication in promoting positive values and conscientizing the public, and giving them critical understanding of current and urgent social issues. His pro-people stand, distinguished by patriotism and Pinoy wit, has set the standard for excellence, substance, and form for generations of Filipino media practioners, whether that be through interviews, TV series, movies, or commercial advertisements.

This issue of *Plaridel* publishes three documents relevant to the proclamation of Mr. Urbano as the 2023 Gawad Plaridel awardee: First, the official citation which enumerates and describes the achievements for which he is being recognized; second, an essay on the life and works of the awardee by Prof. Louie Jon A. Sanchez; and third, the Gawad Plaridel speech of the awardee.

# The Gawad Plaridel 2023 Citation for Mr. Manuel Salazar Urbano, Jr.

For directing well-made and memorable television ads, which highlighted typical Filipino characters and situations; propounded positive values like love of country, industry among workers and professionals, loyalty to friends, concern for indigenous peoples and our brothers in the regions; and featured Filipino personalities who had made the country proud through their international achievements

For creating the TV series *Mongolian Barbecue* which became a conduit for enlightening and conscientizing the public, and giving them a critical understanding of current and urgent social issues, through interviews with government officials like Fidel Ramos, Blas Ople, Frank Drilon, Antonio Trillanes, Luke Espiritu, and Samira Gutoc; artists from showbiz like Apo Hiking Society, Rico Puno, and Lou Veloso; media professionals like Solita Monsod, Jarius Bondoc, and Christian Esguerra; and his sparring partner Tongresman Manhik-Manaog played by veteran actor Leo Martinez

For consistently taking a pro-Filipino and pro-people stand, speaking truth to power if need be, in his TV show *Mongolian Barbecue* and in his movies *Juan Tamad and Mr. Shooli sa Mongolian Barbecue* and *M.O.N.A.Y. ni Mr. Shooli*, on topics that were as fresh as the day's newspaper headlines, including those involving political dynasties, graft and corruption in government, rigged elections, pork barrel, fake news, vloggers and journalists, importation of onions and galunggong, tsismis and history, and territorial threats to the country in the West Philippine Sea

For setting and maintaining a high level of excellence in the TV ads he did for Image, FILMEX, and other companies which led to his being acclaimed as one of the most awarded commercial ad directors in his day; in his two award-winning films which are distinguished by patriotism and a gentle Pinoy wit; and in his television show *Mongolian Barbecue* which has received many positive reviews from critics and numerous trophies from prestigious institutions and media organizations

For creating productions in television and film that elevated the substance and form of comedy that future generations of Filipino media

practitioners can look up to as models for creating media productions with superior quality and social commitment

The Gawad Plaridel 2023 in the fields of television, advertising, and film is given to Manuel Salazar Urbano Jr. (aka Jun Urbano and Mr. Shooli) by the University of the Philippines College of Mass Communication on this the 11th day of October 2023, at the Cine Adarna, UPFI Film Center, University of the Philippines-Diliman.

**ANGELO A. JIMENEZ**
President

**EDGARDO CARLO L. VISTAN II, LLM**
Chancellor

**FERNANDO dlC. PARAGAS, PhD**
Dean

# Ang Kagilagilalas na Pakikipagsapalaran ni Manuel Salazar Urbano, Jr. aka Jun Urbano at Mr. Shooli

Louie Jon A. Sánchez




Para sa hindi iilang "Batang 1990s," lalo yaong mga nagkamalay matapos bumagsak ang rehimeng Marcos noong 1986, buháy pa rin sa gunita ang isang kakatwang karakter sa telebisyon na kumakapanayam ng selebriti o politiko, kundi man nanunukso't nang-aaliw habang nagbibigay ng kuru-kuro hinggil sa mga balita at kalagayang panlipunan. Sa tumatak na bihis kulay maroon, kung tawagin sa bansang pinamuhatan ay "dell," at pekulyar at mapanudyong pananalitang tunog-Chino na binabalbal ang Ingles, ang banyagang dayong kilalá sa tawag na "Mr. Shooli" ay napamahal sa tao dahil sa talisik ng komikong pag-uusisa at matalinong pagpapatawa. Sa *Mongolian Barbecue,* 1990-1995, na inilabas sa IBC 13, at kinalaunan, RPN 9, palagi niyang tanghal kapwa ang mangha sa pangako ng pag-ahon ng Filipinas noong unang panahon, at lubhang panghihinayang sa kinahinatnan nitong sawimpalad maraming taon makalipas.

Ang bumuo ng personang Mongol, si Manuel Salazar Urbano Jr., o "Jun Urbano" sa kaniyang mga kaibigan at katrabaho, ay umabot na sa edad 50 noon, at dapat sana'y pumapanatag na sa búhay ng alwan at tagumpay sa larangang creatives at pagdidirektor sa mundo ng advertising. Ngunit maraming tanong na nanururot sa málay.

"Tiningnan ko ang sarili ko," wika niya. "Ano ba ang ginawa ko sa sarili ko? Okay naman ako, hindi naman nagutom ang pamilya ko. May trabaho ako." Subalit, dagdag niya, "nakita ko ang bayan, hindi tulad ng nakita ko noong batà pa ako." "Noong ako ay batà, ang Filipino, sikát, hinahangaan ng mga taga-Southeast Asia. Ang Filipino noong araw, nag-eexport ng asukal, nagtuturo ng agriculture. Pagkatapos, hindi na táyo nag-eexport ng bigas, nag-iimport na. Ngayon lalo, nag-iimport táyo ng galunggong, sibuyas, nag-iimport pa táyo ng asin! Ang daming tubig sa paligid, 7,000 islands! What happened?"

Sa mga pagtatanong na ito, muli umanong napapabalik-tanaw si Jun sa alaala ng kaniyang "Daddy," si Pambansang Alagad ng Sining para sa Pelikula Manuel Pabustan Urbano Sr., mas kilalá bílang Manuel Conde. Bílang aktor, direktor, at prodyuser, ginamit nito ang sining ng pelikula upang usigin ang budhi ng bayan. Pinaksa at ginampanan ni Conde ang katutubong pigura ni Juan Tamad sa serye ng mga pelikula na kinabilangan ng *Si Juan Tamad,* 1947, *Juan Daldal: Anak ni Juan Tamad,* 1947, *Juan Tamad Goes to Congress,* 1959, ***J**uan Tamad Goes to Society,* 1960, at Si Juan Tamad at Juan Masipag sa Pulitikang Walang Hanggan, 1963, at maging sa isang palabas sa telebisyon, para tukuyin ang mga karamdamang-bayan sa paraang satirikal. Naintindihan ni Jun na napakahirap sundan ng papel na Juan Tamad ng kaniyang ama. Tumuklas siya ng panibagong konsepto, ngunit sa inspirasyon pa rin ng ama at mapamunang katatawanan nito.

"Naalaala ko, ang tatay ko gumawa ng *Genghis Khan,*" kuwento pa niya, na tinutukoy ang klasikong biopic hinggil sa punò ng imperyong Mongol, na umani ng papuri sa Venice Film Festival 1952, at muling nahanap matapos ng matagal na paglalaho bandáng 2005 sa ilang film vault sa Europa. Nagsimula siyang lumabas-labas sa mga piging at entablado suot ang dell, nagbibitiw ng samotsaring birong nakapagpapaisip sa nakikinig at nanonood. "Natutuhan ko sa tatay ko, laughter is the best medicine," aniya. Isang guesting sa talkshow na *Not So Late Night with Edu Manzano* ang ganap na nagbinyag sa kaniya ng sariling kaakuhan. "Wala pang pangalang Mr. Shooli. Basta Mongolian lang. Dumating yung Mongol sa show. Ang sabi ni Edu: 'Mr. Mongol, may I have your name?" Sabi ko, "Shooli." Ang ibig ko talagang sabihin, "Surely." Magandang pangalan, naisip ko." At tinawag na nga siyang Mr. Shooli mula noon, ang pinakatanyag na Mongol sa buong Filipinas. Nagsimula ang isang napakahahabang sapalaran.

Lumitaw si Mr. Shooli sa maituturing na panahon ng pagsikat ng mga "impersonator," supling ng unti-unting pagbagsak ng dalawang dekadang diktadura at re-liberalisasyon ng midya at lipunan matapos nito. Noong dekada 80, ipinakilala ng aktres at mang-aawit na si Nanette Inventor ang pretensiyosang nouveau riche na si Doña Buding sa variety show na *Penthouse 7* ng dáting sikát na tambalang Martin Nievera at Pops Fernandez. Sikát din noon si Tessie Tomas, aktres at advertising creative, sa kaniyang mga impresyon sa weatherman na si Amado Pineda bílang si Amanda Pineda sa gag show na *Champoy;* at kalaunan, kay Imelda Marcos, na humantong sa pagganap niya sa papel sa historical docuserye na *A Dangerous Life,1*989. Sa parehong panahon din tumanyag si Willie Nepomuceno, na nakilala sa paggaya sa mga pangulong Ferdinand Marcos Sr., Fidel Ramos, Joseph Estrada, Benigno Aquino III, at Rodrigo Duterte; ginaya rin niya sina Manny Pacquiao, Fernando Poe Jr., at Dolphy. Pumatok naman noong dekada 1990 si Jon Santos, tanging queer sa lahat, na pinalakpakan sa kaniyang mga impresyon kina Vilma Santos at Miriam Defensor-Santiago, at itinuturing mula noon na tagapagsulong ng kulturang drag sa larangan. Hindi rin maaaring kaligtaan si Leo Martinez, direktor ni Jun sa *Mongolian Barbecue,* na naging kapalitang-daldal ni Mr. Shooli bílang ang tiwaling kongresistang si Manhik-Manaog.

Ang adhika ng lahat ay subersiyon, laban sa maruming politika, sa mga pagtatakda ng institusyon at lipunan, lalo sa isang milyu ng paglaya. Ngunit maikakatwirang kakaiba ang Mr. Shooli ni Jun. Sa pagsasapersona niya sa pigurang Mongol, nagparunggit siya at nagpugay sa amang siya niyang unang guro at "closet patriot" ng kaniyang sambahayan na naglunggating itanghal ang Filipino bílang dakila, káyang makipagsabayan sa mundo sa pamamagitan ng pelikula. "I followed my Dad's pattern. If you want to cure people who are very sick, and they do not want to take the bitter pill, make them laugh. Tell them a joke. Kapag bukás na ang bibig, sakâ mo ipalunok ang medicine," aniya. Ngunit hindi lámang iyan. Mahihiwatigang isang despamilyarisasyon ang kaniyang tinupad bílang si Mr. Shooli, na ang backstory ay dáting "exchange student" na nag-aral sa Maynila at nahalina nang manatili rito. Napamahal si Mr. Shooli sa bansa, sa kultura at kagawian nito, at nasaksihan niya kapwa ang pagtaas at pabulusok nito. Isang pangangailangang estrangement, isang pagtingin mula sa labas papaloob, ang personang Mr. Shooli. Parang arketipal na nangungunsiyensiya, humihimok ng pagbabagong-loob sa mamamayang Filipino. Nagtatanong.

Aminado si Jun na hindi naman siya ganito sa simula. Ipinanganak noong 8 Hunyo 1939 sa Maynila, bago magkagiyera, namulat siya sa daigdig ng paglikha at pelikula. Sa taon ng kaniyang kapanganakan unang sumabak ang ama sa pagdidirektor, nang maging katuwang ni Carlos Vander Tolosa sa *Giliw Ko,* 1939. Panganay si Jun sa pitong anak, at paglaon, ang inang si Julita Salazar ay naging katuwang na rin ng ama sa produksiyon. "Ang nanay ko ang nagtatahi ng costumes, habang sa bahay namin, may tatlo o apat pang kusturera," kuwento pa niya. Masasapantahang magulo, maingay, makulay ang sambahayan ng mga Urbano sa Sampaloc sa rurok ng pagpepelikula ng kaniyang ama. At dumagdag pang tagahubog sa kaniyang malikot na imahinasyon at malalim na pagkatao ang isa pang pigurang malapit sa ama at naging kasa-kasáma nito mula pa noong panahon ng Hapon. "Lumaki ako na kasáma si (Carlos) Botong Francisco," wika niya, na ang tinutukoy ay ang dakilang pintor mula Angono, Rizal. "Nag-umpisa iyan kasáma ng tatay ko. Noong araw [panahon ng Hapon], wala namang pelikula. Si Botong ang gumagawa ng mga backdrop, iyong mga paintings sa likod, iyong mga senaryo sa mga stage show sa Life Theater sakâ sa Dalisay." Matapos ng digmaan at pagpihit ni Conde sa pelikula, inanyayahan niya si Francisco at pamilya nito na manuluyan sa kanila. "Tumira si Botong sa maliit na kuwarto sa silong namin, kasáma iyong asawa niyang si Aleng Nene sakâ anak na si Carmen."

Kakolaborasyon ni Conde si Francisco—na naging Pambansang Alagad ng Sining din tulad niya, pero sa Sining Biswal naman—sa napakaraming pelikula. Si Francisco ang unang pinagdisenyo sa costumes ng mga karakter, marami sa mga ito ay mula sa mga banyagang lupain at lumipas na panahon. Húli ng pintor ito, lalo pa't espesyalidad niya ang mga paksang pangkasaysayan at taglay rin niya ang masasabing imahinasyong pang- "miyural"—mga katangiang bagay sa biswalisasyon ng pelikula at nagpasikat sa kaniya kalaunan. "Noong gumagawa na ng pelikula ang Daddy, si Botong nasa Angono na. Nagtuturo na sa UST," kuwento pa niya. "Ang Daddy, kapag may gustong gawing pelikula, pupunta sa Angono. Ipapagawa ang mga costume, iyong production design kay Botong. Sinasama kaming magkakapatid ng Daddy, may dala kaming Manila paper, illustration board. Ipapaliwanag niya ang ideya kay Botong." Ang bawat huntahan ng dalawang henyo ay palaging nakamamanghang sandali para sa musmos na si Jun. "Habang nagkukuwentuhan sila, nagdodrowing na si Botong. They were talking

about so many things. Heroes, etc. Napupulot ko iyong mga pinag-uusapan nila. Malawak ang kanilang kaisipan."

Sa kaniyang kabataan, makakikita ng mga likha ni Francisco na nakakalat sa kanilang bahay. Karaniwan na lámang na maituturing, kayâ para sa musmos, maaaring paglaruan. "Lahat ng pelikula ng tatay ko, may sketch si Botong. Watercolor. Lahat ng characters. Kapag tapós na gamítin, nakakalat na lang ang sketch, pupulutin ko, gugupitin ko, gagawin kong teks. Wala nang natira." Minsan din umano, palibhasa'y napalapit kay Francisco, naglambing daw ang batàng si Jun dito, nang magkaroon ng pakontes hinggil sa isang tanyag noon na karakter sa radyo drama. "Ang bulong ko sa kaniya: 'Mang Botong, drowing mo naman ako ng Kapitan Kidlat," aniya. Pinagbigyan siya nito at gumuhit ng tatlong krokis para maipadala niya sa estasyon ng radyo. "Naku, walang nanalo ni isa," patawang bahagi niya, marahil sapagkat sa isang bandá, halatang ipinagawa lámang ang mga entri sa bihasa. Sa kabila nito, hindi naman naparam ang paghanga niya kay Francisco. "Iniisip ko ngayon, ang tatay ko lang ang nakaisip ng Genghis Khan. Noong araw, ang mga usong kuwento, mga asyendero, taga-probinsiya, nagkagustuhan. Ang tatay ko Genghis Khan; Sigfredo, warrior, Achilles of the Germans, pumatay sa dragon; Siete Infantes De Lara, Spanish korido; Principe Paris; Don Juan Teñoso. Ganoon kalawak ang isip ng tatay ko, hindi lang pang-Filipinas. Si Botong ganoon din. Ang galíng niya." Sa lahat ng ito, nostalgia ang dama ni Jun sa paggunita sa kabanatang iyon ng kaniyang búhay. Pagbibiro pa niya: "Kung alam lang namin, bakâ mayaman ang pamilya namin sa dami ng sketch niya na nasa amin. Sino ba ang makapagsasabing magiging National Artist iyon?"

Hindi natapos ang sapalaran ni Jun sa mundo ng pagkamalikhain at pinilakang-tábing. Kuwento pa niya, hinggil sa pag-aaprentice sa ama: "Nanonood ako ng shooting ng Daddy, lalo na kapag ang artista niya sina Nida Blanca at Nestor de Villa. Talagang pumupunta ako, idol ko sila. E karamihan ng mga movie nila may dance number. Kapag may dance number, nakikipila ako roon. Doon ako natuto. I was learning by just looking at how he did things." Sa pagbibinata, sinikap na isama siya ng ama sa mga proyekto nito, kabílang ang palabas sa telebisyong *Under the Guava Tree with Juan Tamad,* 1962, kung saan siya nahasa sa pagsusulat ng mga comedy skit batay sa balita. "Ang paksa ng *Juan Tamad* noon, shenanigans in the government. Ang trabaho ko noon, mag-iipon ako ng mga diyaryo. Pagdating ng Friday, titingnan ko lahat, ano ba ang pinakamalaking balita nitong linggong ito? Doon ko gagawan

ng iskrip." Pinagsumikapan niya ito habang kumukuha ng peryodismo sa Ateneo de Manila University, kung saan siya nagtapos noong 1961. Sa gitna ng karaniwang kaabalahan bílang mag-aaral at mga "tipár" (party) pa nga kasáma ang kabarkada, hinarap niya ang pagsulat sa tuwing umuuwi upang maipása kinabukasan ang kukunan sa palabas. Agad niyang natutuhan na hindi biro ang gawain, kailangan ng sigasig at bilis sa pag-angkop. "Noong araw, ang hiráp gumawa ng skits kasi walang taping! Kapag nag-umpisa ka, tuloy-tuloy iyan. Kapag nagkamali ka, pasensiya kayó, bahala na iyong artistang gumawa ng adlib para hindi mahalata. Sa ganoon ako nasanay."

Ngunit may ibang mithiin si Jun, ibig mangibang-larangan. "Journalism ako e, so siguro magiging journalist ako." Nang makatapos, nagprisinta siyang maging reporter sa *Manila Times* na ang tanggapan ay sa Doroteo Jose sa Maynila. Ipinadala siya ng editor sa police beat. "First assignment ko, Manila City Jail. New graduate ako. Walang experience. Ang baho roon, mukhang hoodlum ang mga tao. Mainit. Pawisan ako. Bumalik ako sa *Manila Times,* sabi ko sa editor ko, Sir, I told you I came from Ateneo, why did you assign me to the city jail?" Galít daw siyang tinugon. "'I don't care where you came from! What have you done?' Natauhan ako. Ipinagmamalaki ko na Atenista ako, but I have not proven anything." Mula noon ay kinalimutan na niya ang pagiging reporter. Sinikap pa rin niyang magpakalayo sa daigdig ng ama sa paglalako ng insurance at handicrafts (Llamas 1990: 35). Subalit nang ipanganak ang unang supling sa kabiyak na si Victoria Sublay, naisip niyang kailangan nang isaayos ang búhay (ibid). Pinasok niya ang advertising kung saan niya ginugol ang mahigit tatlong dekada ng paglikha ng mga commercial. Inamin niya na naging bentahe ang pagiging anak ng ama, "anak kasi ni Manuel Conde e, nag-aral pa sa Ateneo, siguro magaling. Iyon ang assumption." Nagsilbi siyang copywriter, production assistant, at paglaon, isa sa mga direktor ng ahensiyang SCAN, kung saan niya nakahanay ang ilang bigatin. Hindi agad lumipad ang kaniyang karera.

Dumating ang tanging pagkakataon, ang "break," nang tanggihan ng kaniyang mga kahanay ang isang proyekto, isang bagay na hindi nila kalimitang ginagawa at naging sanhi ng matagal na pagkaburo ni Jun sa tahimik na sulok sa opisina. "Two years, wala akong ginagawa. Tapos biglang nagsisigawan silang dati'y nag-aagawan sa trabaho: 'Kay Urbano ito, kay Urbano ito!'" Ang proyekto: ang pinakaunang lokal na commercial ng brand na Nescafe. "Aba, sabi ko, international brand.

Lahat ng commercial niyan gawa sa abroad." Sakâ na lámang niya nadiskubre kung bakit inayawan ito ng kaniyang mga kasamahang direktor. "Bakit? 15-second commercial. May retratrong black and white na iboblow up, babae at lalaki na nagtotoast ng kanilang cups of coffee. Tapos magzozoom in doon sa cup of coffee. Tapos iyon na iyong commercial. Kayâ naman palá inayawan ng mga lintek na ito! Tapos may write on, "Nescafe, the coffee with even more life in it." "Nagkandaletse-letse" raw talaga siya sa pagtapos ng proyekto. "Kasi noong araw, iyong paglalagay ng mga letra, pinapoproseso pa iyon sa laboratory. Maraming gagawin, titingnan kung tama o mali. Hindi namin makuha-kuha. Nagalit na sa akin iyong boss ko, after five tries, minura ako." "That was my baptism of fire," giit ni Jun. "Pero okay lang, at least may nagawa na ako. All I needed was an opening."

Mula noon ay naging isa na siya sa mga pinakaproduktibong copywriter at direktor sa industriya, kabi-kabila ang tinatapos na proyekto. Napadpad din siya paglaon sa Image Films ni Manito de Leon, apo ni Narcisa de Leon o Doña Sisang ng LVN Pictures. Sa natatanging pagkakataon, doon siya lalong nahasa ng isa pang dakila. "Si (Gerardo) Gerry de Leon, kilala ninyo iyon," aniya, na naging isa ring Pambansang Alagad ng Sining para sa Pelikula. "Kapag siya ang direktor ng commercial, ako, assistant director." Naging mabunga ang tambalan, lalo para kay Jun. "Kapag shooting, habang nag-seset up siya, pinag-aaralan ko ang project. In my mind, kung ako ang direktor nito, ganito ang gagawin ko. Tapos iba ang gagawin niya." Napapatanong daw siya palagi sa sarili kung bakit, subalit matamang nakamasid pa rin sa mga áral mula sa maestro. "Makikita namin iyong proof, papanoorin namin iyong gawa, edit na, tutulungan ko rin siya roon sa strips of film, pútol-pútol, pili ng good shots, kabit-kabit. Nagsasuggest ako, 'Manong Gerry, mas maganda po itong shot na ito, idugtong natin doon.' Tapos sasagutin ako sa paos na boses: 'Gago ka, hindi ka marunong. Ganito iyan, mas maganda ito." "Natututo rin talaga ako, Gerry de Leon e," diin niya, hinggil sa henyo sa likod ng maraming tanyag na pelikulang drama, hiwaga, at horror mulang dekada 1950 hanggang 1960, kabílang ang adaptasyon ng *Noli Me Tangere*,1961, at *El Filibusterismo,* 1962.

Kalaunan, bumuo rin si Jun ng isang sattelite production company, ang Filmex, na nang tumagal ay humakot ng hindi iilang Advertising Production House of the Year award. Sa masasabing kaabalahan ng kaniyang karera sa advertising mulang 1970 hanggang 1980, naging habulín siya sa industriya sa dami ng mga commercial niyang nanalo

ng award. Kay bilis ng kaniyang búhay noon. “I was the fastest director in town,” wika pa niya. “I can do two or three commercials in a week. Nobody can shoot commercials in under three hours. Puwedeng nagsu-shooting ako rito, pagkahapon, change set up, babaguhin ko ang camera, punta ako sa editing, mag-eedit ako ng ibang commercial. Sakâ ako babalik sa isa pang shooting.” Sa gitna ng gulo at galaw na ito umusbong ang mga sumusunod na commercial na magpahanggang ngayon ay tumitimo pa sa alaala: ang mga San Miguel Beer commercial na “O Anong Sarap! So good, ayos na ang kasunod!” noong 1971 [ang kauna-unahang commercial ng brand sa Tagalog], “Boss” noong 1975, at “Magbeer Muna Tayo” noong 1976; ang mga napabilang sa Pilak Awards na mahuhusay na ad ng dekada na “Have a Pepsi Day” noong 1976, “Chiclet-in Mo, Baby” noong 1979, at muli para sa San Miguel Beer, “Pulutan/Isang Platitong Mani” noong 1984, na itinanghal din ng Creative Guild of the Philippines (CGP) na TV Ad of the Year; at ang “Iba ang May Pinagsamahan” ng San Miguel Beer noong 1988, kung saan lalong napasikat ang tindig at kisig ng persona ni Fernando Poe Jr. sa kulturang popular. Nilikha niya ang mga ito para maging sadyang Pinoy na Pinoy, dahil taglay ang kuwento ng pangarap at pagpupunyagi ng mamamayang kumokunsumo rito. Noong 1987 naman, naging instrumental siya sa pagpapatanyag sa gymnast na si Bea Lucero nang likhain niya ang “Gymnast Bea Lucero” ng Milo energy drink. Nagwagi din ito ng TV Ad of the Year mula sa CGP.

Bílang lawreado sa Advertising Hall of Fame, pinahahalagahan ni Jun ang pagiging natural sa pagpapaganap at pagkukuwento. “Normally, kapag ikaw ay gumagawa ng commercials, karamihan ng mga artista diyan, hindi tunay na artista. Nanay o tatay ni ganoon, ginawang talent. Mga hindi sanay. Kailangang paartehin ang mga hindi tunay na artista.” Mapanghamon ang gawain, buo ang pag-amin niya, subalit nadidiskartehan; kahit ang mga musmos ay napapaarte niya sa tulong ng mga magulang nito, napapatindig kung saan kukunan, napapakilos batay sa pangangailangan. Hindi rin siya natatakot gamítin ang kaniyang creative license kahit karamihan sa kabuoang konsepto ng commercial ay dikta ng kliyente at ahensiya. “Hindi ako sumusunod directly sa storyboard. Iyong mga storyboard na iyan, ginawa iyan sa loob ng opisina e. Nagi-imagine iyong artist, ganito, ganyan. Pagdating mo sa location, iba. Tápon ang storyboard sa akin. Ang matitira, iyong concept at execution. Akin iyon.” Palaging bukás ang kaniyang mata at kamera sa sorpresa ng hindi pilít o sinanay. Halimbawa niya rito ang

danas sa pagkuha ng commercial kasáma si Poe Jr.: "Kayâ si Fernando Poe Jr., napakagaling umarte doon sa mga commercial kasi lahat ng mga gawa niya roon, mga mali. Iyong mga bigla niyang lingon ang kinukuha ko. Natural na natural. Kapag nakuha mo iyong unguarded moment niya, natural."

Ngunit, aniya, kinaumayan niya rin kinatagalan ang mahigpit na pagtatakda ng ahensiya sa kaniyang paglikha, bagay na humimok sa kaniyang tumigil na sa pagdidirektor ng commercial ilang taon matapos ang EDSA Revolution. "Kayâ ako naiinis sa commercial, kayâ ako huminto e. Take four kasi, okay na sa akin. Itong mga taga-ahensiya, gusto ng marami pang take, para raw may pagpilian. Direk, isa pa for safety. Hirit nang hirit, hindi naman mga direktor. They're protecting themselves. They're anticipating comments from their clients. Ako kasi, hindi, kapag nakita ko na iyong gusto ko, iyon na iyon," wika pa niya. "Malaki na ang ipinagbago ng advertising, ang commercial director, naging utusan. Hindi na siya ang nasusunod. Tiga-action at cut ka na lang, alila." Bukod pa ito sa unti-unting pag-ikli ng mga commercial na lalong humamon sa pagsasalaysay. "Manood ka ng mga commercial noong araw. May istorya. Mura pa ang airtime noong araw, nakakagawa ka pa ng one-minuter. Nalalaro mo ang istorya. Pagkatapos, naging mga 15 seconds na lang. Anong direksiyon naman ang gagawin mo riyan? Wala. Dala na rin iyan ng economy. Maraming nagdidikta, e bakit ninyo pa ako kinuha? Nakakapikon." Sa kabila naman nito, itinuturing ni Jun na isang totoong produktibong panahon ang kaniyang ginugol sa pagiging creative at direktor ng mga commercial. Pinagyaman nito ang kaniyang danas. Lagi't lagi, nagbabalik-tingin at nagpupugay siya sa mga nagpapalim at nagpalawak sa kaniyang pananaw at paninindigan. Sa pagsusuma: "Masuwerte ako. Nakita ko iyong bilis magtrabaho ni Manuel Conde, at tinik mag-isip ni Gerry de Leon. Sila ang dalawang kaluluwa na talagang humubog sa akin."

Unang umeyre ang *Mongolian Barbecue* ni Jun bílang si Mr. Shooli noong 10 Disyembre 1989 sa IBC 13, at masasabing talagang naging isang kakaibang hain sa TV. Bagaman maihahanay sa mga napatanyag na programang public affairs na tumatalakay sa mga isyung panlipunan at kumakapanayam lalo sa mga politiko, ang balangkas nito ay panunudyo, panggigisa sa makapangyarihan, bagay na lumaganap din naman sa telebisyon matapos ng pagbagsak ni Marcos Sr. May paliwanag ang isang tesis ng apat na mag-aaral ng AB in Communication Arts ng Miriam College noong 1991 hinggil sa pamagat habang tinuklas kung

nagsusulong ba ito ng mabuting gobyerno: "The show is titled as such because 'Mongolian' refers to Mr. Shooli, the lead character, while 'Barbecue' means roasting a particular issue in a satirical way" (Cornejo et al. 1991: 1). Inilarawan din ng tesis ang karaniwang daloy ng isang episode: "First, an opening portion which delves on important events which occurred during the week; second, three interviews are made which tackle relevant issues; third, the 'Kiko Portion' which teaches values and virtues; fourth, a singing group called 'Kombancheros' is presented which comments on issues via songs; and last, the 'Dear Tita Portion' where 'Tita' refers to President Cory Aquino as she calls up Mr. Shooli to tell him her problems. Unsolicited advice is then given to her by Mr. Shooli over the phone" (Cornejo et al. 1991: 1-2). Bumuntot kay Mr. Shooli ang kaniyang dakilang alalay, si Kuhol, sa pagganap ni Philip Supnet.

Nagmarka ang napakaraming panayam ni Mr. Shooli. Isang hindi niya malilimutang episode ang pagdalo ng propesor niya sa Ateneo, si Pambansang Alagad ng Sining para sa Teatro at Panitikan Rolando Tinio. "Hindi ko akalaing lalabas siya roon, magiging si Mario ng Super Mario Brothers. Tawa ako nang tawa," kuwento pa niya. Lalong tumatak ang kaniyang pakikipagkuwentuhan sa mga politiko na pabirong wika niya ay "pare-pareho naman, pare-parehong magaganda ang sinasabi." Isa sa mga ito ang naging kaibigan niya, si Pangulong Fidel Ramos, suki sa palabas, palibhasa'y sumasadya sa kanilang taping kahit walang paanyaya. "Noong kumakandidato iyan noong 1992, biglang sumisipot. Mga tatlo o apat na beses. E nandiyan na, igalang na lang. Interbyuhin." "Nang manalo siya," dugtong pa ni Jun, "sa Sikatuna Village kami nakatira noong araw, dumating siya sa tapat ng bahay namin, may dinalaw na kaibigan. Nakita at binati ko, inimbitahan ko sa bahay at sumáma naman. Niloko ko iyong asawa ko, sabi ko, 'Darling, manaog ka sandali at nandito ang Presidente.' Sabi ng asawa ko: 'Tarantado, huwag mo akong lokohin!' Natawa si FVR e." Sa patuloy na pagbabaliktanaw, wala naman daw napikon sa kaniyang mga nakapanayam: "I have to commend myself for not asking stupid questions that will offend my guests. Lahat ng humor ko, self-deprecating. The joke is on me all the time."

Sa loob ng mga taon ng pagpapalabas ng *Mongolian Barbecue,* naging pangunahing mithiin ni Jun at ng produksiyon ang gámitin ang katatawanan upang makapanggising ng parang tulóg at pabayang kamalayan, palibhasa'y tapos na ang EDSA. Sa isang panahong may layaw

na ang lahat na makaalam at makialam, kinasangkapan ng palabas ang comedy upang patuloy na himukin ang mamamayan na pahalagahan ang demokrasyang muling nakamit. Sa isang bandá, wari'y batid na ni Jun kung gaano karupok ang demokrasyang ito, madaling malansag kung hindi magmamatyag. "When I tell you your faults through comedy, natatawa ka. Iyan ang formula ko," wika pa ni Jun. Maidaragdag ang sarili niyang kuro sa tesis na kababanggit: "The only political value that we would like to come up with is, hey you guys! We're supposed to be a democracy, let's put it to work and not make political positions as a vehicle for enriching or grabbing power for self-improvement. Let's make a government for the people, and by the people" (ibid). Ito ring makabansang lunggating ito ang nagtulak sa kaniya na sumalungat sa agos ng usong katatawanan noon na mailalarawang "unsubstantial, asinine, slapsticks, and things like that" (ibid). Sa patuloy na paggamit ng balita bílang pangunahing materyal, na inangkop, "itini-twist para maging palatable," nanindigan si Jun na posible ang isang pagpapatawa—pang-aaliw—na "worthwhile," malamán "by injecting values and information" (ibid). "It was back then really the time to talk about our plight as a nation and as a people," giit pa niya. Dahil dito, makailang ulit na nagwagi ang palabas sa Gawad CCP sa Telebisyon ng Cultural Center of the Philippines at Catholic Mass Media Awards ng Archdiocese of Manila (Carballo 2012).

Hindi natapos ang *Mongolian Barbecue* sa lingguhang pakikipanayam at komentaryo ni Mr. Shooli sapagkat nagkaroon ito ng permutasyon sa dalawang pelikula sa ilalim din ng direksiyon at panulat ni Jun. Noong 1991, inilahok sa Metro Manila Film Festival ang *Juan Tamad at Mr. Shooli sa Mongolian Barbecue: The Movie.* Sa pelikulang ito na masasabing matalinong pagsasanib sa sariling akda at ng sa ama, ginawa niyang kuwentista sa kabataan si Mr. Shooli ng alamat ng kakatwang si Juan Tamad (Eric Quizon) na nahalal sa eleksiyon subalit naging dahilan ng pagkakawindang-windang ng bayan dahil sa pakikinig sa isang tiwaling politiko. Sa wakas ng pelikula, nag-iwan ng tanong sa mga batà si Mr. Shooli hinggil sa kung ano ba ang dapat gawin ni Juan Tamad, parang isang Rizal na patuloy na ipinababalikat sa kinabukasan ang kapalaran ng bansa. Nanalo ang pelikula ng mga pagkilala sa filmfest, kabílang na ang Gatpuno Antonio J. Villegas Cultural Award. Samantala, noong 2007, muling binuhay si Mr. Shooli sa pinilakang-tabing ng *Ang M.O.N.A.Y. (Misteyks op da Neysion Adres Yata) ni Mr. Shooli.* Sa *The Urian Anthology, 2000-2009,* inilarawan ito

ni Mario Hernando, 2007, bilang "a series of vignettes" ng Mongol na nagbalik-Filipinas at natuklasan ang patuloy nitong pagkasawi. Ilan pa sa mga likha niyang pelikula ang *My Guardian Debil,* 1998, kuwento ng isang demonyong kinailangang patunayan ang pagiging karapat-dapat niya sa impiyerno; at *Ibong Adarna: The Pinoy Adventure,* 2014, isa pa ring pagpupugay sa kaniyang ama. Tumatak din ang mga pagganap niya sa pelikulang fantasy na *Magic Temple,* 1996, nina Peque Gallaga at Lore Reyes, kung saan siya nag-ala Pat Morita at naging guro sa martial arts at karunungan ng tatlong batàng nakipagsaparalan; at *Hiblang Abo,* 2016, ni Ralston Jover, kung saan naman siya kinilalang Best Supporting Actor—kasáma sina Lou Veloso, Leo Rialp, at Nanding Josef—sa Cinemalaya Independent Film Festival. Sa kaniyang natatanging ambag sa daigdig ng pelikula, iginawad sa kaniya nitong 2023 ng Filipino Academy of Movie Arts and Sciences (FAMAS) ang Dr. Jose R. Perez Memorial Award.

Sa gitna ng pandemya noong Oktubre 2020, at pagbaling ng mamamayan sa digital at social media, muling pinakaway ni Jun, edad 84, ang kaniyang si Mr. Shooli sa mga tagahangang patuloy siyang hinahanap-hanap at sa bagong henerasyong "woke" hinggil sa mga pambansa at pandaigdigang krisis. Binuksan niya sa YouTube ang channel na @mrshooli, kung saan niya ipinagpatuloy ang pakikibaka para sa pagmumulat sa publiko sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga mga eksperto at pagtalakay sa mga isyung napapanahon. Naging matunog ang channel sa mapagpatawa subalit matalim na komentaryo hinggil sa mga usapin ng Covid-19, "democrazy," halalan, kasaysayan, atbp. Para sa mga Batàng 1990s, pumatok ang mga throwback video ng *Mongolian Barbecue,* isa na rito ang panayam ni Mr. Shooli sa batàng kongresista na si Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. Pumipihit din sa pagka-meta ang channel, at kung minsan ay kinakapanayam mismo ni Mr. Shooli si Jun hinggil sa kaniyang mga naging proyekto bílang creative at direktor ng mga commercial at pelikula. Nakaaaliw ang kaniyang pag-alaala kay Poe Jr. at ang pagpapalabas ng cameo ni Mr. Shooli sa isang pelikula nito. Sa ngayon, mayroong 92 bidyo, mahigit 20 libong subscriber, at 1.3 milyon na total views ang channel. Sa gitna nito, maugong pa rin sa pagtatanong si Mr. Shooli, bagaman sa higit na salitâng ngangayunin: "Anyare, Filipinas?" Sa YouTube, nagpapatúloy ang krusada ni Jun sa paggamit ng panunudyo upang mangusap at magpaliwanag, buo ang pananalig na sa panahon ng malawakang des-impormasyon at pagbabaluktot sa kasaysayan, makapangyarihan pa

ring sandata ang katatawanan. Nakatunghay siya sa kinabukasan, sa mga susunod na henerasyon ng manlilikha at alagad ng midya: "Ang pinag-aaralan ninyo ay napakaimportante, napakabigat. Ang influence ng tao whether you are a reporter, writer, actor, director or whatever, iyong medium na ginagamit natin, ang daling makapaghubog ng kaisipan ng tao. Para kayóng mga titser. Gamítin natin sa tamang paraan, sa kung ano ang makapagpapaunlad sa ating society, sa ating bayan, huwag nating gamítin iyan sa masamâ. Reporter ka nga pero kapag natapalan ka ng sanlibo, iba na iyong isip mo." "Think of the country, think of your fellowmen," diin niya. Malayo-layo pa ang tatahakin ng bansa patungong ganap at tunay na demokrasya, kayâ marahil, matagal-tagal pa rin ang pagwawakas ng pakikipagsapalaran nina Jun at Mr. Shooli.

## References

Carballo, B. (2012, Agosto 8). Reflections from Jun Urbano, Shooli & FPJ. *Philippine Star.com*. https://www.philstar.com/entertainment/2012/08/08/835958/reflections-jun-urbano-shooli-fpj.

Cornejo, M., M. R. Feliciano, M. C. Salgado, at F. Samson. (1991). *Mongolian Barbecue: Advocacy of Good Government?* [Hindi nalathalang andergradweyt tesis]. Miriam College.

Hernando, M. (2007, Marso 24). Recommended: M.O.N.A.Y. ni Mr. Shooli. Malaya. Llamas, C. (1990, June). Comedy is in the Blood. *Taipan* June: 32-35.

Mutuc, I. (2018). Urbano, Jun. Sa *CCP Encyclopedia of Philippine Art* (Digital Edition). https://epa-culturalcenter-gov-ph.eu1.proxy.openathens.net/8/69/4978/.

## Endnotes

[1] Sa panayam ng Gawad Plaridel 2023 Production Team, iniulat ng anak ni Jun na si Chris "Banots" Urbano, isang content producer, na marahil, sa gag show na Champoy unang lumabas ang Mongol na walang pangalan; "biro-biro lang ang character...parang nagba-boxing, boxing pa." Umeyre ang Champoy sa RPN 9 mulang 1980 hanggang 1985. Matapos ng rebolusyon, saglit itong nagbalik sa ABS-CBN bílang Executive Champoy, 1992-1993.

## About the Author

Si **LOUIE JON A. SÁNCHEZ** (lasanchez@up.edu.ph) ay Associate Professor ng Broadcast Communication sa College of Mass Communication, University of the Philippines, Diliman. Premyadong makata, kritiko, tagasalin. Awtor ng *Abangan: Mga Pambungad sa Resepsiyon sa Kultura ng Teleserye* (UST Publishing House 2022) at *Ang Drama ng Ating Búhay: Isang Kasaysayang Kultural ng Teleserye* (DLSU Publishing House 2023).




Mr. Manuel Salazar Urbano, Jr. aka Mr. Shooli accepts the UP Gawad Plaridel (2023) Award. From left: Prof. Emeritus Nicanor G. Tiongson, PhD., UP Diliman Chancellor Edgardo Carlo Vistan II, LLM., Mr. Jun Urbano, UP President Angelo A. Jimenez, and CMC Dean Fernando dlC. Paragas, PhD. (Photo courtesy of Alex NP Tamayo)

# UP Gawad Plaridel 2023 Speech

Manuel S. Urbano Jr.

Puwede bukas iraw rahat [ilaw lahat]? Makita ko mukha ng mga magagandang mukha ninyo kita ko. Hindi ko kayo kita eh. House light, house light please. House light. Bukas lahat ilaw please. House light.

Si Mr. Jun Urbano hindi pupunta rito ngayon. Kasi siya nahihiya, sabi niya yang UP, mga tao diyan matatalino. Mga tao yan, tuwid ang isip. Hindi ako sanay uusap sa matitino tao, sanay lang ako usap sa mga pulitiko. Kaya pasensya na 'di siya dating. Bigay siya sa 'kin *one acceptance speech* para mabasa ko sa inyo. Pero problema, naiwan ko sa taxi! Kaya ako kwento na lang experience ko rito sa Philippines, ok?

Pag kayo tatawa, lakas kayo tawa ah. Wag kayo masyado tipid tipid tawa niyo. Ako pinanganak sa Mongolia, mahirap amin pamilya. Mahirap, mahirap. Isang beses, isang araw lang kami kakain. Akin childhood very unhappy. First birthday, second birthday, third birthday, fourth birthday, wala pagkain, wala celebration. Pero fifth birthday,

nanay ko ipon konti barya, meron kami konti kain. So fifth birthday, siya sindi ano lima kandila sindi tapos ako hihihip. Sabi nanay ko, "Anak, bago hihip kandila, make a wish muna." So ako make a wish tapos ihip. Sabi nanay ko, "Shooli, ano wish mo anak?" Sabi ko, "Nanay, sana sa susunod birthday ko, wag puro kandila, sana meron ding cake."

Tapos tatay ko, ako matakaw tao eh. Matakaw ako, bata eh. Siguro galit tatay ko sa 'kin. Every morning, punta kami ilog, sakay bangka. Hulog niya ko sa malalim ilog tapos sagwan siya palayo. Ako habol habol. Pero bakit gawa ito ng tatay ko sa 'kin? Isip ko, ahhh siguro gusto tatay ko ako maging champion swimmer sa Olympics tapos 'pag champion na, meron na pera. Ohh.. Alam mo yung pa-swimming swimming, madali sa 'kin yan eh! Ang mahirap sa 'kin, pagkatapon sa 'kin sa ilog ng tatay ko, pano ako lalabas dun sa sako? Mabuti na lang meron exchange student program, isa Pilipino aral sa Mongolia, isang Mongolian aral sa Philippines. Ako yung Mongolian aral sa Philippines. Aral ako diyan sa elementary, Ateneo de La Salle. Dun ako aral, classmate ko si Erap. Kilala niyo si Erap? Joseph Estrada. Classmate ko yan. Yun maliit pa yun, grade one kami bigote na yun. Tapos meron pa s'ya wristband. Sabi ko, "Erap bakit ka meron wristband?" Sabi nya, "para malaman ko ano kaliwa kanan ko."

Alam mo, isa araw yung teacher sabi, "Shooli, spell success." Mahina ako spelling success. "Erap ano spelling success?" sabi ko. "Erap isa 's' o dalawa sa dulo?" Sabi ni Erap, "Shooli, gawin mo tatlo para sigurado."

Haba ako nasa Philippines nag-aaral dun sa elementary, nakilala ko ugaling Pilipino. Ang Pilipino masiyahing tao. Matatag Pilipino. Bagyo, lindol, earthquake, baha dating yan sa Pilipinas, Pilipino tatawa lang. Okay lang. Kayo Pilipino, kayo very hospitable people. Kayo gawa paraan para yung bisita niyo maligaya, masaya. 'Pag yung bisita niyo tutulog sa bahay, yung master bedroom ibibigay yung kwarto niya dun sa bisita niya. Ang Pilipino mahal ng Diyos. Philippines the only Christian country in Southeast Asia. Ang Pilipino, matulungin sa kapwa. Meron sila bayanihan spirit. Ang Pilipino, respectable people, very respectable. Sila sasabi, "opo, po." In language meron respect. Tuturo sila sa mga bata [magmano] amen sa matatanda. Kaya para sa 'kin ha, kayo Pilipino, kayo the best people in Southeast Asia. Palakpakan niyo ang sarili niyo.

During that time, in 1946, katatapos lang ng gela [gera], ang Philippines number two (2) to Japan in economy. Philippines una meron national airlines, Philippine Airlines. Mga students ay Indonesia, Malaysia, Vietnam, aaral medicine, punta UST. Aaral agriculture,

husbandry, animal husbandry pupunta IRRI, UP. Dun sila aaral. Magaling Pilipino. For me, the Philippine[s] number one (1) people in Southeast Asia. Kayo the best.

Pero natapos na yung student program, balik na Mongolia. Si Erap, punta high school Ateneo. Pero balita ko, second year high school siya nasipa. Siya nakipag-away, nasipa. Pero si Erap naging presidente ha. Oo. Pero second year president, nasipa din.

Ako naman sa Mongolia, trabaho ako sa Mongolian Zoo. Care-taker ako ng mga hayop. Ang attraction doon sa Mongolia zoo yung gorilya, malaki gorilya. Mga tao punta doon para manood siya na gorilya. Isang araw, patay na gorilya. Wala na punta zoom. Wala na gorilya. Sabi nung may-ari ng zoo. Shooli, suit mo ito. Costume gorilya. Ikaw gorilya. Para balik tao. Susuot ako. Tuwang tuwa na malaking gorilya balik tao. Sa 'kin talon talon ako. Napasandal ako, cage ng tiger. Katabi ko sa likod. Maya-maya yung kamay ng tiger nandito na. Habi ko tulong-tulong! Sabi nung tiger, "wag ka maingay baka tayo mabisto."

Tapos tanggap ako sulat kay Elap. Shooli, ito ticket airplane, punta ka Pilipinas meron tayo reunion. Wow! After 70 long years, matanda na si Shooli, balik ako Pilipinas.

Kita ko, best people in Southeast Asia again. Siguro ang Pilipinas ay masyado asenso ngayon. Kaya ako excited, excited. Bisita ko by best people. The Filipinos I love so much. Kita ko sila ulit. Sa Eroplano, tulog ako. Stewart, saan na tayo lipad? Sabi Stewart, "Mister Shooli, we're flying over Alaska." Alaska, how you know? Kasi binuksan ko yung bintang aeroplano. Labas ko kamay ko, merong yelo. Ah Alaska, yelo. Tulog ako. Stewart, saan tayo? "Mr. Shooli, asa Arabia tayo, flying over Arabia." How you know? Sabi niya binuksan ko binta ng eroplano. Labas ko kamay ko, merong langis. After six hours, gising ako. Shooli, Shooli, gising na Mr. Shooli. Bakit? Landing na tayo Pilipinas. Paano mo alam? Bukas ko yung binta ng eroplano. Labas ko kamay ko, na-snatch relo ko.

Tapos, from airplane, punta ako sa airport. Dala ko, apat na bag. Inspection, inspection customs. Paglabas ko ng customs, isang bag na lang natira sa 'kin. Tapos, sakay ako sa taxi. Traffic. Nakitaan ko, isang kalye, meron nakalagay sa poste, "Bawal matapon ng basula." Ito ang dami, tatambak ng basura mga tao. Sa isa pader, "Bawal umihi dito." Mga lalaki, pinirma pa pangalan sa ihi nila. Pagdating sa isang corner, kita ko, motorcycle riding in tandem. May sumama tao nakatayo, nilapitan, binaril sa ulo. Sabi ko, ano to? Am I in Philippines? This is not the Philippines I know. Hindi ganito Pilipinas. Hindi ganito Pilipino.

Tapos sa TV kita ko, may raid. Police may raid siya shabu. Mga shabu ah, protektor shabu, lahat yan. Oy! Mga shabu pusher, drug pusher, suko na kayo, mga police ito. Sabi nung kausap niya, hindi kami susuko, mga police din kami.

Nung araw, 'pag ikaw may problema, sigaw ka, "tulong police, tulong police." Ngayon, pag may problema ka. Ikaw sisigaw, "tulong may police, may police." Pasensya na nadadala 'ko sa sinasabi ko eh.

Nung araw, marami tayo export sugar, asukal. Ngayon, Philippines, number one importer ng rice over the world. Tayo tuturo ng rice production dati. Tayo number one importer, pati gulay, import natin. Pati onion, import natin. Pati galunggong, import natin. Philippines, paligid ay isda, paligid ng island, bakit import import? Pati asin, import. Pati, hirap tao, pero meron kumikita. Yan ang problema. Hirap kayo, hirap tayo, pero meron kumikita, import, import.

Pahingi nga tubig. Sandali lang ha, iinom lang matanda.

Pero meron tayo export. Export natin si Nanay. Export natin si Tatay, si Kuya, si Ate, OFW. Sila, kanila kinikita, yan nagpapalutang sa Philippines economy. Tawag natin sa kanila, bagong bayani. At what sacrifice yung bayan, bago bayani mo, minsan umuuwi sa Pilipinas nasa kabaong. Pinatay nung employer. Yung bago bayani mo, minsan umuuwi sira pamilya. Kasi wala mahanap-buhay dito sa Philippines. Tapos, politika ninyo number one pinakawalanghiya 'yan. Nung araw, democracy, government of the people, for the people and by the people. Ngayon, democracy, government of the few people, for the few people, and by the few people. Bakit? We have 100 million Filipinos in Philippines. Ang inyong senado, 24 senador lang. Dun sa 24 senador, dalawang pares magkapatid. Isa pares mag-ina. Meron pa ex-convict. Meron pa, plunderer, meron pa involved sa EJ killing. Yan ang inyong senado.

Nung araw, politika nyo si Manlapuz, Pelais, Osias, Rodrigo, mga kagalang-galang. Ngayon mga politika nyo, hindi kagalang-galang, kagulang-gulang. Ano nangyari? Di ba kayo pumipili sa tao? What happened to you? Hindi na kayo marurong pumipili na kandidato nyo. Alam mo yung ordinary thief at political thief, yung ordinary thief siya pipili, ikaw pagnanakawan nya. Ang political thief kayo pumipili sino mananakaw sa inyo. Wala na kayo.

Tapos, Christian country, 80% Catholic. Tapos meron isa politiko diyan sabi niya, "Who is this stupid God?" He called the God stupid, wala kayo imik. Okay lang? Alam mo, tingin ko mga tao ngayon,

nawalan na sense of value. Alam niyo ba ano sense of value? May dalawang magbubukid, lalakad sa bukid. Sabi ko, ops sandali lang pare. Bakit? Ano ba iyan? Tae kalabaw yan. 'Di tae kalabaw yan. Tae-kalabao yan. Kumuhang konti, tinikman niya. Oh tae kalabaw to, oh tae kalabaw. Tikman mo rin, tinikman niya. Tae-kalabaw. Mabuti 'di natin natapakan. Kaya tayo ngayon eh. Okay lang kainin ang tae. Wag lang matapakan eh. We don't know what's right and what is wrong anymore. Tapos, ang main problem niyo, politiko. Ang politiko niyo hindi na public service, self-service na. Oh politiko niyo, pakatapos mag-presidente, tatakbo pa mayor. Ayaw mawala ng puwesto.

Meron dito isa politiko, kaibigan ko. San ba siya? Asan yung Congressman Malikmanaog, asan ka? Saan siya? Tayo please, tayo. Yan Congressman Malikmanaog. Yan pinakawalang pinakawalang-hiyang pulitiko. Makapal mukha yan. Tanong ko sa kanya, is it congressman, Ikaw ba tatakbo uli congressman? "Hindi na, 3 term na ako, 3 term. Takbo na 'ko governor." Huh? Governor? Pero asawa mo governor. Kakalabanin mo asawa mo? "Hindi, asawa ko tatakbo senador kaya ako tatakbo governor." Sinong takbo Congressman in your place? Ah, yung panganay ko, yung mayor, siya tatakbo congressman. Sinong tatakbong mayor? 'Yung bunso namin, yung konsehal, siya tatakbo mayor. Sabi ko, "Congressman galing-galing mo. Hanapbuhay na ng pamilya mo yung politika. Yung aso mo na lang walang puwesto ha." Sabi niya, "Huwag mo maliitin aso namin, baranggay Chairman yan."

I remember what one of your national artists told me, si Manuel Condé. Sabi niya, "Mr. Shooli, If you want the patient to get well because he is very sick and he doesn't want to take the bitter medicine, so he will get well. Tell him a joke, patawanin mo, pagbukas na yung kanyang bibig, tsaka mo ipasok yung gamot, sa kanyang bibig." And that's what I am doing to you. I hope yung mga sinasabi ni Mr. Shooli tumatalab sa inyo. At yung kayong mga, alam ko may mga estudyante rito, mga bata. Mga kabataan, sabi ni Rizal, ang pag-asa, kinabukasan ng bayan ay nasa kamay ng kabataan. Hindi po ako naniniwala dun sapagkat ang nasa kamay ng kabataan ngayon ay puro cellphone at mga gadget, malayo sa isip nila ang kapakanan ng bayan. And I'm telling you kids, this country is your country. The future of this country is your future. So try to work on it.

Lalo na yung mga nagtatrabaho sa, ano ba yung course dito? Media. Kasi yung course na yan eh ang laki ng influence niyan sa tao. Nai-influence yung pag-iisip ng tao. Nagiging newspaperman kayo, nagiging

announcer kayo, nagiging.. alam niyo ibig kong sabihin. ‘Wag kayong magpa troll, use your knowledge to improve the country. Salamat, salamat. Patapos na ako. Salamat. Coke na lang. Ako po ay lubos na talagang this occasion has been very emotional to me. I’m touched. Kanina pa ako luha ng luha. Ngayon lang nangyari sa akin ito. At napakainit ng pagtanggap ninyo sa akin. Napakaganda nung ginawang documentary. Mga kaibigan, maraming salamat po sa mga tao na sa likod ng Gawad Plaridel Award na ito.

Maraming salamat po sa mga dean, sa mga professor, lalong-lalo na kay Doc Nic Tiongson.

Alam po ninyo napakalaki utang na loob ng pamilya namin dyan kay Nic Tiongson. Kasi ang tatay ko naging national artist dahil sa kanya. Sabi niya, Jun, dapat national artist na yung tatay mo doon sa pinaggagagawa niya eh. Pero ang problema, walang mga pelikulang natira ang pelikula para panoorin ng tao. Kaya gumawa siya ng libro tungkol sa tatay ko. Nag-research siya. At yun, nakilala si Manuel Conde, naging national artist. Tapos siya lumapit sa akin kailan lang, mga a year ago, “Jun isusubmit ko ang pangalan mo sa UP.” Sabi ko, bakit naman? Ano naman nagawa ko? Sabi niya, “hindi basta isusubmit ko, bahala na.” At yun nga, ako raw isa sa mga napili. Kaya sa lahat po nasa likod ng Plaridel Awards, maraming salamat. Mga dean, mga professor sa UP, marami salamat. Sa mga kaibigan ko dumalo, mga kasama ko sa advertising narito, at yung mga general na kaibigan ko na alam ko nandito, maraming salamat. At sa kayong mga kabataan, isipin niyo ang bayan. Kayo ang kinabukasan ng bayan. Maraming salamat po.

## *Plaridel* Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode).

## How to cite this article in APA

Urbano Jr., M. S. (2026). Gawad Plaridel Lecture 2023. *Plaridel*, 23(1), 319-342. https://doi.org/10.52518/2026-21urbno